

enumivo

SOCIAL JUSTICE PARA SA LAHAT

Abstract

Ang layunin ng proyektong Enumivo ay magbigay ng pangkalahatang kita o "Universal Basic Income (UBI)" para sa lahat ng mamamayan ng mundo ay magkaroon ng tama at pantay pantay na bahagi ng ating likas na yaman, at karapatan kagaya ng karapatan nating huminga ng hangin.

Sa ganoong paraan, ang layunin ng Enumivo ay ang bumuo ng UBI dApp (Decentralised Application) na nagbibigay sa bawat tao ng regular na income gamit ang UBI tokens. Ang dApp ay gagamit din ng isang layunin na binubuo ng oracle verification system na tumatakbo sa Enumivo blockchain na kung saan ay isang eksaktong kapareha ng EOS blockchain na dinebelop ng Block.One (ilalabas sa Hunyo 2018)

Naniniwala ang team na ang EOS ay nililiwanag at nilulutas ang madaming isyu tungkol sa scalability, bilis, at gastos na nagiging salot sa mga kasalukuyang lider ng merkado sa parehong industriya ng blockchain at dApp.

Ang pag kopya sa EOS ay nangangahulugan na ang lahat ng nagagawang katangian ng EOS na nakasulat sa kaninalng white paper ay ganap na naka-port sa Enumivo.

Napagpasiyahan ng pangkat ang gantong estratehiya upang mapanatili ang pamamahala sa blockchain at gayun din na makapag-bigay ng abot-kayang alternatibo sa teknolohiya na bigay ng Block.One

Ang mga debeloper na hindi kayang bayaran ang gastos sa pag debelop ng dApp sa EOS ay puwedeng gawin sa Enumivo sa mas murang presyo.

Sa pagtutugma ng Enumivo at ang kanyang UBI dApp, hinahangad namin na putulin ang hindi pantay pantay na estado sa pinansyal na laganap sa buong mundo. At sa pamamagitan ng pagiging aktibo sa pag taguyod at pag turo sa mga tao kaugnay sa mga benepisyo ng pag lahok sa aming sistema, maipagkakaloob namin ang social justice sa lahat.



Introduksyon

Ang dokumentong ito ay ang opisyal na whitepaper ng Enumivo (ENU). Ipapaliwanag dito ang pilosopiya at disenyo ng kanyang blockchain at UBI (Universal Basic Income) dApp pati narin ang pag balangkas sa mga problema na sinusubukang solusyunan at ang mga susunod pang proyekto.

Nilalayon ng rebolusyonaryong pagsisikap na ito na makapag bigay ng solusyon sa mas lalong lumalalang kahirapan na laganap sa buong planeta, habang nagbibigay ng isang abot-kayang alternatibo sa lahat ng mga debeloper na nagnanais na gamitin ang mga benepisyong inaalok ng EOS blockchain.

Habang ang ebolusyon ng EOS blockchain ay paganda ng paganda, kasama nito ang Enumivo sa pamamagitan ng paglalagay ng mga mas pinabuti at mas pinagandang katangian na ginawa ng Block.One pati na rin ang pag buo ng mga aspeto na makakatulong sa proyekto na pag dedesisyunan ng Buong pangkat ng Enumivo debelopers.



Bakit Kinopya ang EOS?

Ang kasalukuyang kalagayan ng Blockchain Technology

Ang blockchain technology ay pinasimunan ng Bitcoin (BTC) noong 2008, at mula noon, sinubukan na ng mga developers at negosyante na palawakin ang pangunahing konsepto nito. Kung ang gamit lang ng bitcoin ay makapag padala at maka tanggap ng pera, nagsidatingan ang mga bagong platforms na nagnanais mag host ng isang buong application sa kanilang blockchain. Ang tawag sa kanila ay dApps (decentralized applications) at Smart Contracts

Ang kasalukuyang nangunguna sa dApps at smart contracts ay ang Ethereum (nilabas noong 2015) kung saan Ether (ETH) ang kanilang gamit na pera. Bukod sa pag papadala at pag tanggap ng ETH, ginagamit din ang ETH sa pagbayad sa gas -- isang konsepto na ipinakilala nila (pero kapareho ng bitcoin's transaction fee) -- para makagamit ka ng serbisyo sa Ethereum network (hal. pagpapatakbo ng smart contract o dApp.

Ang problema ng Ethereum sa paglaki at pagdami ay naging malinaw noong nilabas ang larong Crypto Kitties noong December 2017 na naging sanhi ng labis na pagbagal sa ETH Blockchain.¹

Madaming Blockchain architectures ang hindi kaya mag kontrol ng sobrang daming proseso. Kapag tumataas ang processing load, tumatagal din ang iyong transaksyon (transaction time) at tataas din ang iyong bayad (Transaction cost)

Pagpasok ng EOS

Para kontrahin ang Isyu sa scalability, ipinakilala ang EOS platform noong 2017 kung saan pinapangako nito na makapag hatid ng milyong transaksyon kada segundo sa pamamagitan ng Delegate-Proof-Of-Stake (DPOS) kung saan ang transaksyon ay makokompirma sa loob lamang ng 1.5 segundo pagkatapos ng broadcast na mayroong 99.99% na katiyakan.²

Mayroon ding bayad ang mga transaksyon (transaction fee). Karamihan ng dApp platforms katulad ng Ethereum ay sinisingil ang kanilang mga users sa kada aksyon na ginagawa nila sa kanilang blockchain kung saan maaaring maging magastos sa parehong developers at users. noong nakaraang Marso 2 2018, ang karaniwang bayad sa pag gamit ng Ethereum ay humigit kumulang USD.85³

1 <http://www.bbc.co.uk/news/technology-42237162>

2 <https://github.com/EOSIO/Documentation/blob/master/TechnicalWhitePaper.md#transaction-confirmation>

3 <https://bitinfocharts.com/comparison/ethereum-transactionfees.html>



Gayunpaman, nakasulat sa EOS whitepaper na ang EOS ay hindi maniningil ng usage fees.⁴ Pwedeng magamit ang dApps ng libre. Pero ang mga debeloper ay ang kailangan mamuhunan o mag invest gamit ang EOS tokens dahil nakabase ang kanilang parte o "slice" ng kanilang computing power sa dami ng kanilang EOS tokens.

Buod

1. Kakayahang sumukat.
2. Bilis
3. Pag alis ng Gas Fees.

Dahil sa mga pangakong kahigitang ito, hindi naging mahirap para sa ENU Development team na ito ang platform na piliin. Napagpasyahan ng grupo na kopyahin ang EOS kaysa gumawa ng UBI dApp sa EOS dahil sa dalawang rason:

1. Sa tingin namin, masyado nang mataas ang presyo sa merkado ng EOS na nasa USD 8.00 na may total market cap na humigit kumulang 8 Bilyon (March 2018). Maliwanag na mabilis tataas ang presyo ng mga token na aabot sa daang dolyar kada token. Ang pinaka kakompetensya sa dApp at smart contract ay ang Ethereum na umabot na sa \$1,400USD kada token noong January 2018⁵ at sa ngayon ay nasa \$800 noong March 2018.
2. Gusto namin magkaroon ng kakayahang umangkop na kontrolin at baguhin ang pangunahing blockchain kung saan ang UBI dApp ay tatakbo. Halimbawa, naka disenyo ang EOS para makapag patakbo ng milyong transaksyon kada segundo. Magkakaroon ng matinding pressure sa block producers na makuha ang mabilis at magandang (mamahalin) na kagamitan para maaabot ang inaasahang resulta. At dahil kaya namin kontrolin ang sarili naming blockchain, pwede namin ibaba ang mga numero (sabihin nating 100 o 1000 transaksyon kada segundo) upang magkakaroon ng mas madaming tao na sasali bilang block producers gamit ang kanilang ordinaryong kagamitan.

At dahil mamimigay kami ng UBI tokens, inaasahan naming magkakaroon kami ng madaming users at maaari itong maging dahilan ng isang mahal na running cost para sa ENU development team. Magiging mahalaga para sa tagumpay ng buong blockchain na ito kapag napanatili ang bayarin sa mababang presyo dahil makakapag pokus ang core team na maidebelop ang proyektong ito upang maabot ang mga layunin na nakasaad sa roadmap.

4 <https://github.com/EOSIO/Documentation/blob/master/TechnicalWhitePaper.md#free-usage>

5 <https://www.cnbc.com/2018/01/10/ethereum-price-hits-record-high-above-1400-up-17000-percent-in-a-year.html>



Mahihikayat din ang mga third party developers na gumawa ng kanilang sariling dApps sa Enumivo blockchain dahil wala nang usage fees.

Seguridad ng Account at Dali ng Pag Gamit

Ang kasalukuyang ginagamit bilang personal identification system ng karamihan ng blockchains ay nangangailangan ng pag gamit ng walang saysay na pinagsama samang letra at numero na nakakahilo at mahirap kabisaduhin. Nagiging dahilan ito para sa mga mapanlinlang na pag nakaw sa mga cryptocurrencies.

Isang karagdagang katangian sa pag kopya sa EOS ay pwede naming payagan ang mga debeloper na magtalaga ng user accounts na may natatanging pangalan na nababasa ng mga tao na binubuo ng 2 at 32 na karakter na haba⁶. Dahil jan, mas magiging madaling gamitin ang system.

Bukod pa rito, ang mga accounts sa tradisyonal na blockchains ay nakokontrol sa pamamagitan ng private key - na isa ding mahaba at hindi mabasa ng normal na tao. Walang kondisyon kapag nawala mo ang iyong private key⁷. Kapag nawala ito, hindi mo na mabubuksan muli ang iyong account.

Gayunpaman, naiintindihan ng EOS na ang mga tao ay pwedeng magkamali at nagkakamali, din at dahil jan meron itong built-in na abilidad na puwedeng mabawi ang nawala o ninakaw na private keys. Ang pag kabit ng katangiang ito sa aming opinion ay magiging dahilan para mas madaming tao ang sumubok sa sistema.

⁶ <https://github.com/EOSIO/Documentation/blob/master/TechnicalWhitePaper.md#accounts>

⁷ <https://github.com/EOSIO/Documentation/blob/master/TechnicalWhitePaper.md#recovery-from-stolen-keys>



Ang UBI

Ang Universal Basic Income (UBI) ay isang idea kung saan lahat ay may karapatan na makatangap ng fixed at regular na income. Wala itong sinusunod na kundisyon, Basta ikaw ay buhay at tao makakatanggap ka ng income.

Isa sa batayan ng UBI ay ang pagiging adbans ng teknolohiya lalo na sa larangan ng robotics at artificial intelligence. Mawawalan ng trabaho ang mga tao at dahil jan mangangailangan sila ng basic income para sa kanilang pang araw araw na buhay.

Gayunpaman, ang Enumivo team ay may mas malalim na pagkakaunawa o paliwanag at ito ay ang idea na ang lahat ng materyal na kayamanan sa mundong ito ay nagmula sa likas na yaman bilang hilaw na materyales. Katulad ng upuan na nanggaling sa punong kahoy, mga bakal na gate na galing sa mga metal na nakuha mula sa mga bato, o Iphone na nagagamit ang libong taon na kaalaman sa engeneering. Lahat ng bagay na meron tayo, binibigyan halaga natin, nais natin ay nanggaling sa hilaw na materyal sa mundo ng libre. Ito ang dahilan kaya ang Enumivo team ay naniniwala na ang lahat ng tao ay may karapatan makibahagi sa ating materyales, lupa, at likas na yaman. Karapatan natin ito, kagaya ng karapatan nating huminga ng hangin.

Magkakaroon ng permanenteng dami ng tokens kada tao sa UBI dApp na matatanggap ng mga tao habambuhay. Ang halaga ng mga token na ito ay hinihimok ng merkado. May mga taong magbebenta ng mura at may mga taong mag iipon at magaabang na tumaas ang presyo ng token dahil padami ng padami ang mga taong sasali at gagamit ng tokens.

Nasanay na ang mga tao ngayon na mangilan ngilan lang na tao ang pwedeng umangkin sa mga likas na yaman ng mundo. At ang mga taong iyon ay ang mag papamahagi sa ibang tao para pagka kitaan. At kahit na ito ay tinanggap ng lipunan na ito na ang karaniwan, hindi ibig sabihin na ito ay magpakailanman.⁸

Pandaigdigang Kahirapan

Sa ganitong paraan, hangad naming itama ang mali, ang karapatang panlipunan sa pandaigdigang kahirapan sanhi ng hindi makatarungang pamamahagi ng kayamanan. Base sa pag-aaral na ang hindi pantay pantay sa pinansyal ay sobrang lala dahil 42 na tao ang nagmamay-ari ng kayamanan ng 50% ng populasyon ng mundo. At 82% ng yaman ng mundo

8

<https://ageconsearch.umn.edu/bitstream/12778/1/ltcwp20.pdf><https://ageconsearch.umn.edu/bitstream/12778/1/ltcwp20.pdf>



na nagawa noong 2017 ay pag aari ng 1% ng mga tao at tanging 18% lamang ang pinapamahagi sa mga taong nangangailangan ng lubos.¹⁰

Kasalukuyang Magagamit na Solusyon sa Kahirapan

Karamihan ng bansa ay naghahangad na makapag bigay ng benepisyo sa kanilang mamamayan sa pamamagitan ng kapakanan, diskawnt sa social housing at pangangalaga sa kalusugan. Pero ito ay talagang hindi gaanong mahalaga kung iuugnay ito sa halaga ng pamumuhay sa bansang iyon.

Habang ang gobyerno ay nagbibigay ng pambansang minimum na sweldo kung saan ay dapat sundin ng mga employer, madami paring bansa na walang minimum na sweldo. Sa 28 na miyembro ng estado ng EU noong 2017, Mayroong 6 na bansa ang walang minimum wage na sinusunod.¹¹

Bagaman karamihan ng bansa ay nag bibigay ng legal na umiiral na minimum wage, hindi ibig sabihin nito na mayroong sapat na pinansyal ang mamamayan nito para makaahon sa kahirapan. At dahil sila ay employed, hindi sila makakapag apply sa estado gamit ang welfare

Gayunpaman, ang UBI ay walang kondisyon at nakitaan ng magandang palagay sa employment. Pinapakita ng mga resulta sa mga eksperimento ng UBI sa bansang Alaska na ang mga full-taym employment rates ay hindi nagbago at ang part-taym ay umangat ng 17%¹³

Mas Mabilis na Pagtaas ng Bilihin Kaysa sa Sweldo

Ang kasalukuyang sistema pang pinansyal sa mga nangungunang bansa ay nakasalalay sa inflation na nag didikta ng cost of living ng normal na mamamayan. Nagsisilbing barometer ang inflation kung saan nalalaman kung magkano ang presyo ng pang araw araw na mga gamit. Magpagayunpaman, mas mabilis tumaas ang inflation kesa sa sweldo ng mga tao.

9 <https://www.oxfam.org/en/research/reward-work-not-wealth>

10 <https://www.oxfam.org/en/research/reward-work-not-wealth>

11 <https://www.eurofound.europa.eu/observatories/eurwork/articles/statutory-minimum-wages-in-the-eu-2017>

12 <http://www.bbc.co.uk/news/magazine-35924293>

13 <https://qz.com/1205591/a-universal-basic-income-experiment-in-alaska-shows-employment-didnt-drop/>



Kapag nangyari ito sa isang bansa, mahihirapang magbayad ang mamamayan para sa mas mahal na pang araw araw na gamit para makaraos sa buhay dahil mas maliit na ang kanilang kita kumpara sa nakaraan kung saan hindi pa nagmamahal ang bilyon¹⁴

Isa sa malaking dahilan sa pangkalahatang kahirapan ay ang inflation at hyperinflation. Kahit na ang nagiisang bansa na nakikipag laban sa hyper inflation ay ang Zimbabwe, madaming bansa parin ang bumabawi parin sa naging masamang epekto nito.¹⁵

Pagsugpo sa Kahirapan

Napatunayan ng kasaysayan na ang kasakiman ay humahantong sa kurapsyon ng kahit na pinaka respetadong tao. Kung ang gobyerno ay mag papatupad ng UBI, may mga taong magtatangkang dayain ang sistema. Puwedeng suhulan, pagbantaan, o pilitin ang mga taga-pangasiwa na labagin ang mga alituntunin.

Mga Hadlang na Pumipigil sa UBI na Pinondohan ng Pamahalaan

Sa kasalukuyan, may mga ilang bansa na nag aalok ng UBI. Ang mga pamahalaan na nag-aalok ng basic income sa kanilang mamamayan ay ginagawa ito bilang pagsubok o eksperimento at hindi maliwanag kung itutuloy pa nila ang pag bayad pagkatapos ng eksperimento¹⁶

Kung isasangtabi ang panghihikayat at impluwensya ng pamahalaan, isa sa pinaka maliwanag na pumipigil sa gobyerno na implementahan at pondohan ang UBI ay kung paano ito popondohan. Ang pagbibigay ng regular na bayad sa lahat ng taong kanilang nasasakupan ay isang malaking bayarin at dahil jan, maglalagay ng malaking buwis para doon sa mga taong may magandang trabaho o mga taong may makabuluhang pagaari.¹⁷

At kahit na ang pagpapataw ng malaking buwis sa mga pinaka mayamang tao ay hindi magiging problema para sa karamihan ng tao, tandaan natin na sila ay mga makapangyarihang tao na sila mismo ang nag iimpluwensya sa mga polisiya ng gobyerno.¹⁸ Kaya malabong mangyari ito.

14 <http://www.independent.co.uk/news/business/news/uk-wage-growth-latest-updates-inflation-real-incomes-reduce-households-brexite-pound-sterling-a8107061.html>

15 <https://www.quora.com/What-are-the-most-hyperinflated-currencies-today-and-of-all-time>

16 <http://basicincome.org/news/2017/10/overview-of-current-basic-income-related-experiments-october-2017/>

17 <https://fee.org/articles/a-universal-basic-income-would-mean-massive-tax-hikes/>

18 https://www2.ucsc.edu/whorulesamerica/power/class_domination.html



Ang Solusyon ng Enumivo

Ang desentralizadong uri ng blockchain technology ay sinisigurado ang pag tanggal sa hyperinflation. At dahil sa decentralization, walang sinuman ang makakapag control ng kabuuang supply ng cryptocurrency sa blockchain kaya hindi ito puwedeng manipulahin.

Kaya naging perpekto ang blockchain para sa UBI dahil ito ay bukas at tapat. Kagaya ng nasabi kanina, walang makaka-kontrol sa buong blockchain dahil madaming miners at block producers. Ang build-in-rewards-and-punishment na sistema para sa mga mabuti at tamang block producers ay sapat na para mapanatiling mabuti ang kanilang tungkulin.

Ang UBI dApp

Ang aming target na petsa sa pag labas ng UBI dApp ay sa March 2019. Kahit sinong tao na mag apply at maberipika na natatangi, buhay, at humihingang tao ay makakatanggap ng 20 UBI tokens kada linggo sa loob ng 2,500 na linggo. (May kabuuan na 50,000 UBI shares kada indibidwal.)

Ang rason sa pamimigay ng shares o bahagi sa UBI dApp bilang regular na bayad at hindi ang kasalukuyang pera ay dahil ang mga bagay na puwedeng ilagay sa kalakaran ay puwedeng tumaas ang halaga habang ang ating tradisyonal na pera ay hindi.

Ang halaga ng UBI token ay gagalaw at mag-titibay sa pamamagitan ng naka-reserbang ENU tokens na naka tago sa pondo ng UBI. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng nakareserbang ENU tokens na konektado sa presyo ng UBI shares, ang presyo ng UBI shares ay laging magiging higit pa sa 0. Kaya naman parating may kapabilidad na tumaas ang halaga nito.

Kapag sumikat na ang Enumivo blockchain, inaasahan namin na gagawa ang mga developers ng kanilang sariling dApps sa plataporma at makakagawa din sila ng kanilang sariling ENU na kapareha ng ERC20 tokens ng Ethereum. Ang mga developers ay mabibigyan ng opsyon na mag bigay ng parte ng kanilang ENU token sa UBI dApp fund na magdadagdag ng halaga sa UBI share.



Sa pagpapatupad nito, wala nang magiging negatibong epekto sa halaga ng mga UBI share ng kada tao dahil may mga nakakatanggap na naglalabas ng kanilang UBI token.¹⁹ Isa itong importanteng katangian sa modelo ng UBI dahil ang lahat ng tao ay may ibat ibang pangangailangan sa magkakaibang oras. At hindi magiging benipisyal sa mga taong may UBI kung ang halaga ng kinikita ay bumababa sa tuwing may ibang tao na kumukuha ng kanilang sariling pera. (Hal. Hindi magkakaroon ang merkado ng labis labis na supply ng UBI shares.)

Upang mapigilan ang pagkaubos ng dami ng UBI sa madaling panahon, ang dami ng puwedeng ilabas na token ay mag babase sa dami ng *burnable* token base sa dami ng araw na sila ay inipon.

Mahalaga ding tandaan na ang mga tumatanggap ng UBI ng Enumivo ay kasama parin sa darating pang sweldo sa pag tanggap sa nakaraang yugto.

Habang ang UBI dApp ay magbibigay ng paraan para sa lahat ng tatanggap para mag cash in ng token na may halaga na higit pa sa 0, kapag mababa ang pondo ng merkado, laging may pagpipilian na ipagpalit ang kanilang UBI shares sa mga exchange sa mas mataas pang halaga ng UBI dApp.

Sa pamamagitan ng opsyon na puwedeng sunugin ang kanilang token para sa porsyento ng pondo ng UBI, sinisigurado ng Enumivo UBI dApp na lahat ng kasali ay puwedeng gawing yaman ang kanilang asset kaya naman makakadagdag pa ito sa gamit ng token at halaga ng proyekto.

¹⁹ <https://www.forbes.com/sites/eidoo/2017/11/29/token-burning-and-other-crypto-jargon-simplified/#7140eac054c4>



Detalye ng Enumivo Token

Ang ENU token ay gagamitin sa Enumivo blockchain bilang representasyon ng hati sa lakas mag kompyut na gamit sa lahat ng Enumivo blockchain. Para mag bigay ng halimbawa, kung ang kabuuang computational power ng network ng Enumivo ay sapat para sa 1000 na transakysyon kada segundo, at ang debeloper ay may hawak na 10% ng buong supply ng ENU tokens, ang dApp ng nabanggit na debeloper ay makakapag proseso ng 100 transakysyon kada segundo.

Isang importanteng aspeto ng alokasyon ng proporsyonal na lakas ng pag kompyut na dapat mabanggit ay ang nakalahad sa whitepaper ng EOS na 'ang lakas ng pag kompyut ay ang kabuuan ng lakas ng pag hash na gawa ng kombinasyon ng log storage at bandwidth ng network(Disk), state storage(RAM), at computation at computational backlog(CPU) ng Enumivo.²⁰

Importante din tandaan na ginagamit ng mga debeloper ang suplay ng kanilang ENU upang i-back ang kanilang dApp, ang ginamit na ENU ay hindi ginastos. Ibig sabihin ay kapag napag desisyunan ng debeloper na tapusin na ang kanilang proyekto ay mababawi nila ang kanilang ENU na ginamit nila bilang pondo sa kakanilang dApp.

Ang kabuuang lakas ng pag kompyut (computational power) na pinroseso ng Enumivo network ay dedepende sa dami ng block producers na sumusuporta sa network at gaano kadaming bandwidth, kompyutasyon, at storage ang kanilang ibibigay. Ang block producer ay bibigyan ng hati sa kabuuang resource ng network na dedepende kung gaano kadami ang ENU token na kanilang stake sa tatlong araw na panahon.

Distribusyon ng ENU token

Inilunsad ang Enumivo project na mayroong airdrop na 80% ng kabuuang suplay na (500 Milyon). Na pinamahagi sa pamamagitan ng pasadyang code (custom coded), self aiming, smart contract ng Ethereum. Ginawa ang smart contract sa paraan na pinapayagan ang lahat ng natatanging Ethereum wallet address na nagpadala ng 0 ETH sa Enumivo smart contract na makatanggap ng bahagi ng natitirang suplay.

Isang algoritmik na binibigay ang 0.001% ng natitirang suplay sa lahat ng nagpadala sa smart contract. Ibig sabihin ay nakatanggap ng 4,000 ENU ERC20 token ang unang wallet address na nagpadala at 3,999.96 ang sumunod, 3,999.92 ang sumunod at patuloy pa.

²⁰ <https://github.com/EOSIO/Documentation/blob/master/TechnicalWhitePaper.md#token-model-and-resource-usage>



Sa pag kumpleto ng pamimigay ng Enumivo airdrop noong February 13, 2018 (Ethereum block 5082420), 400,000,000 ENU tokens ang pinamigay sa 124,792 na Ethereum ERC20 wallet address na naghihintay na mag token swap kapag naglabas na ang Enumivo ng kanilang kopya ng EOS blockchain na naka linya sa EOS main net na magiging live.

Supply ng ENU

Pagkatapos ng unang aridrop, 100 milyong ENU token ang natira sa paghahawak ng ENU development team. Ito ang planong alokasyon.

Alokasyon ng ENU Token

Layunin	Alokasyon sa Milyon
Libreng airdrop	400
Development	65
UBI	10
Bounties	10
Marketing	10
Locked	5



Detalye ng UBI Token

Kagaya ng nasabi kanina, ang UBI token ay para sa karapat dapat na parte ng mga tao sa likas na yaman. Ibibigay ito bilang basic na kita na matatanggap ng mga kasali kada linggo.

Kapag pinaguusapan ang UBI token, mahalagang alalahanin na ang UBI token na binabanggit sa papel na ito ay ang mga digital na token na kumakatawan sa stakes ng universal basic income dApp na ginawa ng Enumivo at ng digital currency na sumusuporta dito. Lahat ng may hawak ng UBI token ay puwedeng mag cash-in anumang oras alinsunod sa patnubay ng minimum vesting period.

Patnubay sa Vesting Period

Upang mapigilan ang sitwasyon kung saan walang trading volume, lahat ng binigay na UBI token ay magkakaroon ng dalawang linggong vesting period bago makapag cash-out at mag 'burn' ng kanyang stakes.

Hindi maaring ma-cash-in ang kanilang UBI stakes sa pamamagitan ng token burn mechanism habang nasa vesting period. Puwede nila ipagpalit ang kanilang UBI token sa exchange kapag nangangailangan ang kanilang sitwasyon sa pananalapi.

Sa pag gamit ng sistema, mapapanatili namin na ang kada user ay laging mayroong kahit isa manlang na installment ng UBI stake sa kanilang wallet na pwedeng ipag palit sa mga exchange at makakatulong ito sa paagiging liquid ng UBI ecosystem.

Cash Out Feature ng UBI

Kagaya ng nabanggit sa taas, kapag hinawakan ng isang user ang kanyang UBI stake sa loob ng dalawang linggo, magagamit nila ang 'cash out' ng dApp. Ang 'cash out' ay ang pag sunog (pagsira) ng kanilang UBI stake kapalit ng kanilang parte sa UBI dApp digital financial reserve.

UBI Digital Financial Reserve

Ang UBI dApp ay susuportahan ng financial reserve na pinondohan ng Enumivo project na mayroong initial seed na 10 Milyon na ENU. Ang mga user na nag desisyon na mag cash-out ng kanilang UBI stake ay kukuha sa reserve na ito.



Distribusyon ng UBI Token

Ang mga UBI token na pinamahagi ng Enumivo project ay libreng ipapamigay sa lingguhang batayan sa lahat ng taong sumali sa UBI program. Para sa isang indibidwal na maging beripikado na natatangi at buhay, lahat ng entry ay ipapadala sa verification oracle dApp na mangangailangan ng boto ng UBI community kung ang aplikasyon ba ay tunay. Nakataya ang ENU token ng mg aboboto.

Beripikasyon ng Aplikante ng UBI

Kapag ang user ay nag apply para makatanggap ng UBI, sasailalim sila sa proseso ng beripikasyon upang malaman kung ang aplikante ba ay tunay na buhay na tao at hindi isang bot, pekeng, o dumoble.

Kapag nakumpleto na ng aplikante ang kailangan upang maumpisahan ang proseso ng beripikasyon, ipapasa sa beripikasyon pool ang kanilang detalye para pag botohan ang katotohanan ng detalye. Tinatawag itong "vouching"

Vouching

Ang unang 1000 na miyembro ng kumunidad ng UBI ay personal na i-vouch ng mga miyembro ng Enumivo core team bilang natatangi, buhay, at tunay na tao. Ang mga detalye kung paano mapasama sa unang 1000 ay ipapahayag sa Telegram channel.

Pagkatapos, lahat ng gustong sumali sa programa ng UBI ay kailangang humanap ng kasalukuyang miyembro para maging sponsor. Ipapasa ang detalye at ilagay ito sa pool ng mga aplikante na makikita sa buong kumunidad ng UBI. Bibigyan din ng pagkakataon na patunayan ng aplikante ang kanyang pagkalehitimo sa madaming paraan. Wala sa alinman ay sapilitan.

Ang miyembro ng kumunidad ng UBI ay puwedeng pumili ng aplikante na gusto niyang i-sponsor sa pamamagitan ng paglagay ng 200 UBI token sa voting pool. Ang aplikasyon na na-sponsor ay pagbobotohan ng kumunidad sa loob ng 30 araw.

Ang miyembro ay puwedeng bumoto ng "YES" o "NO" sa pagkalehitimo ng aplikasyon. (Hal. YES kung sa tingin nila ay totoo ang tao, at NO kung sa tingin nila ay peke o umulit na ang account.) Ang botante ay maglalagay ng 20 UBI token sa voting pool.



Sa pagtatapos ng botohan, ang aplikante ay maaabisuhan sa kinalabasan ng botohan. Kung ang resulta ay hindi pinaboran ang aplikante, magkakaroon sila ng 7 araw na palugit para makapag laan ng mas matibay na ebidensya ng pagka lehitimo ng kanyang aplikasyon.

Gantimpala at Panganib ng Voucher

Ang vouching system ay sumusubok na mag bigay ng insentibo sa partisipasyon ng komunidad ng beripikasyon ng UBI oracle. Ang UBI dApp ay magbibigay ng pinansyal na gantimpala sa lahat ng mananalò sa verification system.

Ito ay hihikayat sa tapat at mapag-bantay dahil ang mga boboto sa mapanlinlang na aplikante ay mapaparusahan, habang ang mga boboto laban sa mapanlinlang na aplikante ay gagantimpalaan. At syempre, lahat ng boboto sa totoong aplikasyon ay may gantimpala din.

Sa pamamagitan ng ganitong sistema, umaasa kami na matanggal o mabawasan ng malaki ang numero ng mga mapanlinlang na entry.

Tuwing ang aplikasyon ay ma-broadcast sa UBI community, ang UBI dApp ay gumagawa ng 1,000 UBI token na magiging isyu sa bond ng aplikasyon.

Kapag ang botong YES ang nanalo, maibabalik sa isponsor ang 200 na pinusta at karagdagang 200 galing sa 1000 UBI bond bilang gantimpala. At ang natitirang 800 UBI token ay ipapadala sa voting pool para paghatian ng winning voters.

Pag-kwenta ng Gantimpala

Ang pag-kalkula sa gantimpala ay gumagamit ng logarithmic equation na nagbibigay ng mas mataas na gantimpala sa mga maagang bumoto gamit ang stakes. Ang payout stakes ng botante ay aalamin gamit ang equation na $1/\log(n+1)$

Para kuwentahin ang halaga ng stake, hinati namin ang kabuuang voting rewards pool base sa dami ng winning stakes. At pagkatapos ay multiplikahin ito base sa dami ng stakes sa bawat winning voters.

Para mabigyan ng gumaganang halimbawa: Si John ay nag isponsor ng aplikasyon sa UBI application pool at naglagay ng 200 UBI. Ang aplikasyon ay sasailalim sa 30 araw para pagbotohan ng publiko para magtipon ng 4 na boto.



Si Albert, Charlie, at John ay (syempre) bumoto ng YES habang si Bobby ay bumoto ng NO. Sila ay bumoto sa ganitong pagkakasunod.

1. Albert
2. Bobby
3. Charlie
4. John

Mula rito, ang voting pool ay magkakaroon ng 1280 UBI token

1000 - Galing sa UBI dApp

200 - Sponsorship ni John

80 - Galing sa 4 na bumoto (20 kada boto)

Dahil ang mga bumoto ng YES ay nanalo, nabawasan si Bobby ng 20. Si Albert ay magkakaroon ng 3.322 stakes $\{1/\log\{1+1\}\}$, si Charlie ay magkakaroon ng 1.661 stakes $\{1/\log\{1+3\}\}$ at si John ay magkakaroon ng 1.431 stakes $\{1/\log\{1+4\}\}$, sa kabuuang 6.414 stakes.

Si John bilang sponsor ay makakakuha ng 400 UBI token galing sa pool na may natitirang 880 token.

Para mabilang ang dami ng UBI token kada stake, hinahati namin ang token base sa dami ng stakes.

$880/6.414 = 137.2$ UBI token kada stake.

Multiply ito sa kada stake ng mga tao para mabilang ang kanilang share.

Si Albert ay makakakuha ng $3.322\{137.2\} = 455.779$ UBI token

Si Charlie ay makakakuha ng $1.661\{137.2\} = 227.889$ UBI token

Si John ay makakakuha ng $1.431\{137.2\} = 196.333$ UBI token

Kung ang bumoto ng NO ang nanalo, mawawala ang 200 UBI token ng sponsor at ang mga nanalong boto ay paghahatian ang reward pool gamit ang kaparehong pormula para malaman ang stake ng kada tao at kabuuang bilang ng UBI share.

Ang Proseso ng pag Tutol

Ang komunidad ng UBI ay may abilidad na tutulan ang kinalabasan ng anumang aplikasyon sa loob ng 7 na araw na karagdagang panahon na sinusundan ang 30 araw



na panahon ng botohan. Kung naisin ng isang miyembro ng komunidad ng UBI na tutulan ang kinalabasan ng isang boto, mapipilitan silang pondohan ang aplikasyon ng doble sa huling sponsorship fee (sa UBI token) ibig sabihin, ito ay magkakahalaga ng 400 UBI para sa unang pagtutol, 800 UBI para sa pangalawa, 1600 UBI para sa pangatlo, at iba pa. Tandaan na ang taong tumutol sa kinalabasan ng aplikasyon at ang mga sponsor ng pagtutol ay hindi kinakailangang maging ang inisyal na sponsor.


Ang rason sa pagdodoble ng sponsorship fee para sa isang pagtutol ay upang maiwasan ang posibilidad na ang aplikasyon ay maipit sa isang infinite loop.

Kapag ang pag tutol ay itinaas, ang pondo sa kaban para sa pag tutol ng aplikasyon ay naka lock hanggang ang pag tutol ay tuluyang mapagkasunduan, at ang isang bagong pool ay masimulan. Kapag ang bagong pool ay nasimulan, ang lumang pondo ay ligtas sa Enumivo blockchain at ibibigay sa mga nanalo sa boto depende sa huling itinuturing na kinalabasan.

Ang mga kalahok sa mga botong kasunod ng huling, hindi mapag-aalinlanganang boto ay hindi na kailangang lumahok pa sa mga susunod na botohan kung hindi nila nanaisin. Gayonman, lahat ng datos ay naitala na sa Enumivo blockchain, lahat ng boto ay itatala sa wasto, naaayong round and reward pool, at lahat ng botante ay gagantimpalaan ng UBI tokens na nararapat sa kanila kapag ang desisyon sa aplikasyon ay maging pinal.

Ang kumpletong flowchart ng proseso ng beripikasyon ay naka-detalye sa susunod na pahina.





Supply ng UBI Token

Upang matugunan ang pangangailangan ng lumalaking populasyon ng mundo at para suplayan ang reward bonds na idadagdag sa bawat voting pool ng aplikasyon, ang UBI token ay magkakaroon ng walang katapusang supply.

Sariling Palitan ng Blockchain Token

Ang paunang ENU token na inairdrop ay ERC20 token sa Ethereum blockchain. Ang mga ERC20 token na ito ay ipagpapalit sa aktwal na ENU token sa Enumivo blockchain na nakatakdang gawing live sa publiko sa Agosto 8, 2018. Kami ay gagawa ng ENU dApp na tutulong sa pagpapalitan ng token at hangat maaari ay gawin itong pulido.

Kapag ang pagpapalitan ng token ay kumpleto na, ang mga ERC20 token ay mawawalan ng halaga.



Buod

Ang Enumivo project ay nakatuon tungo sa paghahatid ng lumalaki, mabilis, at abot-kayang blockchain na mangunguna sa cryptocurrency market, at upang itambal ito sa pagbubuo ng isang universal basic income dApp.

Ang Enumivo blockchain bilang isang clone ng EOS project ng Block.One, ay ginawa upang maging paraan ng pagbibigay sa mga developers ng abot kayang alternatibo sa EOS platform, habang nakakapagbigay ng lahat ng kapakinabangan at seguridad na hatid ng Block.One

Sa unang pamamahagi ng ENU token ay ipinamahagi bilang isang ERC20 token, sa pamamagitan ng pag gamit ng self claimed smart contract, sa Ethereum network. Kapag ang main net ng Enumivo ay nag live sa Agosto 2018, lahat ng ERC20 ENU token ay ipagpapalit sa ENU coin na akma sa Enumivo blockchain.

Bilang daan sa pag-talakay ng pangdaigdigang krisis sa kahirapan, dulot ng hindi patas na distribusyon ng yamang galing sa likas na yaman ng mundo, ang Enumivo team ay mag dedebelop ng isang dApp, na magagamit sa Enumivo blockchain, na maglalabas sa mga kasali ng regular na bayad na maaaring ipagpalit sa tunay na pananalapi.

Ang UBI dApp na gawa ng Enumivo ay gagamit ng unique application validation oracle na ginawa rin ng Enumivo team na inilaan para sa layuning pagtibayin ang mga aplikasyon sa UBI payment scheme.

